



# INI (LIHIM) SA MGA BANSAGON NG PINTUYAN, SOUTHERN LEYTE TUNGO SA PAGBUO NG DOKYU-GLOSARYO

**Sarah Mae B. Madrio**

*Teacher III, Pintuyan National Vocational High School, Pintuyan, Southern Leyte*

## ABSTRAK

Layunin ng pananaliksik na ito ay makilala ang mga bansagon sa bayan ng Pintuyan sa pamamagitan ng pag-alam sa mga ini(lihim) nito upang makabuo ng isang dokyu-glosaryo sa mga bansagon. Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong pamamaraan sa anyong disenyong eksploratori (*exploratory design*) sa pamamaraang deskriptibong pagsasalaysay (*descriptive narrative*). Mga kalahok na may edad 60 pataas ang kinuha na mula sa iba't ibang barangay ng Pintuyan, Southern Leyte. Pakikipanayam o interbyu ang pangunahing instrumentong ginamit sa pagkilala sa mga bansagon. Natuklasan na may pitumpu't dalawa (72) na mga bansagon ang bayan ng Pintuyan. Karamihan sa mga Bansagon ay may tuwirang pakahulugan sa mga bagay, hayop, ekspresyon, o gawi. Natuklasan din na ang paggamit ng mga bansagon ay may malalim na koneksyon sa kasaysayan, paniniwala, at wika ng mga Pintuyan. Sa ganitong konteksto, nahahayag ang mga sumusunod na elementong kultural a) Pagpapahalaga sa kasaysayan ng pamilya. Ang bawat bansagon ay tila talaan ng pinag-ugatang kasaysayan ng isang angkan. Nagsisilbi itong buhay na alaala ng mga kasaysayan ng ninuno, kanilang mga karanasan, kabiguan, tagumpay, o kahinaan. b) Pagkilala sa kolektibong alaala ng komunidad, sa elementong ito ang mga bansagon ay nagsisilbing anecdotal na alamat ng komunidad. Sa pamamagitan ng mga ito, naipapasa ang katuwanaan, kabalintunaan, o kabalintunaan ng nakaraan na siyang nagpapalalim sa damdamin ng pagiging bahagi ng isang bayan. At c) Pagpapatibay sa lokal na wika at dayalekto. Karamihan sa mga bansagon ay nasa Binisaya o lokal na anyo ng wika, kaya't mahalaga ang papel ng bansagon sa pagpapatibay at pagpapatuloy ng katutubong dayalekto. Ang Bansagon sa Pintuyan ay salamin ng buhay, kasaysayan, wika, at kolektibong alaala ng mga pamilya sa komunidad. Ito ay bahagi ng oral na panitikan at sosyo-kultural na diskurso na patuloy na nabubuhay sa pamamagitan ng wika, biro, at kwento. Ang bansagon ay isang anyo ng lingguwistikong at kultural na pamana na dapat pangalagaan upang mapanatili ang ugnayan ng kasalukuyang henerasyon sa kanilang pinagmulan. Iminungkahi ng na isama ang bansagon bilang bahagi ng lokal na aralin sa asignaturang Filipino, Araling Panlipunan, o Panitikan upang maipakilala ito sa kabataan bilang bahagi ng kanilang kultural na pamana.

**MGA SUSING SALITA:** *Ekspresyon; Dayalekto; Hitsura; Kolektibong Alaala; Lokal Na Wika*

## 1.0 INTRODUKSYON

Sa mabilis na pag-unlad ng teknolohiya at globalisasyon, maraming katutubong kaugalian at panitikang lokal ang unti-unting nalilimutan at tila ba naililibing na sa limot—lalo na ng mga kabataang mas nalalapit sa kulturang banyaga kaysa sa sarili nilang pinagmulan. Isa sa mga natatanging kaugalian sa bayan ng Pintuyan, Southern Leyte ay ang paggamit ng *bansagon*—mga bansag o taguring nagpapakilala sa bawat angkan o pamilya—na karaniwang ginagamit sa mga kapistahan, pagtitipon, at iba pang panlipunang okasyon. Ang *bansagon* ay hindi lamang simpleng palayaw, kundi isang simbolo ng makasaysayang ugnayan ng mga tao, ng kanilang pinagmulan, at ng kanilang kultura.

Bilang tugon sa pangangailangang maisalba at mapanatili ang kaugaliang ito, isinilang ang pananaliksik na naglalayong tipunin, suriin, at ilarawan ang kahulugan at kahalagahan ng mga *bansagon* sa Pintuyan upang makabuo ng isang dokyu-glosaryo, isang dokumentadong talaan ng mga *bansagon*, kabilang ang pinagmulan, konteksto, at kabuluhan ng mga ito. Magsisilbi itong kapaki-pakinabang na materyal para sa mga guro ng Wika at Panitikan, lalo na sa pagtuturo ng mga kontekstuwalisado at lokal na panitikan sa asignaturang Filipino at Araling Panlipunan para

sa baitang 6 hanggang 10. Ito ay alinsunod sa layunin ng K to 12 Curriculum na paunlarin ang pagpapahalaga sa sariling kultura at pagkakakilanlan (DepEd, 2016).

Ayon kay Jocson (2015), mahalagang ikontekstwalisado at ilokalisado ng guro ang kanyang pagtuturo upang makabuo ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kaalaman at karanasan ng mga mag-aaral. Subalit, paano ito maisasakatuparan kung kulang ang mga guro sa lokal na materyales at kaalaman tungkol sa panitikang kanilang itinuturo? Ang hamong ito ang nagsilbing inspirasyon ng mananaliksik upang balikan ang mga alaala ng kabataan, kung kailan ang *bansagon* ay inaabangan sa bawat pagtitipon—isang patunay ng malalim na pagkakaugat nito sa identidad ng mga Pintuyan.

Sa pananaliksik ni Borong (2021), binigyang-diin ang kahalagahan ng pagpreserba sa mga katutubong akda at kultura ng isang partikular na komunidad. Kaugnay nito, ang pagsusuri sa mga *bansagon* ay isang hakbang tungo sa pagbabalik at pagbibigay-halaga sa lokal na karunungan na nagmumula sa mismong karanasan at kasaysayan ng mga mamamayan.



Ang pagkolekta, dokumentasyon, at pagsasalin ng mga *bansagon* sa anyong dokyu-glosaryo ay may layuning hindi lamang panatilihin ang kaalaman kundi higit pang palalimin ang pagpapahalaga ng kabataan sa yaman ng kanilang wika at kultura. Sa panahong unti-unti nang nawawala ang mga katutubong praktis tulad ng *bansagon*, ang pananaliksik na ito ay mahalaga upang hindi tuluyang maputol ang ugnayan ng kasalukuyan sa nakaraan. Inaasahang ang dokyu-glosaryo na mabubuo mula sa pag-aaral na ito ay magiging makabuluhang ambag sa pagpapanatili ng panitikang lokal, lingguwistikong pagkakakilanlan, at edukasyong nakaugat sa kultura. Ibinabalik nito ang sigla ng isang tradisyong maaaring mailapat sa makabagong pedagogiya at magsilbing tulay sa pagpapatibay ng *cultural rootedness* ng mga kabataang Pintuyan.

Sa kabuuan, layunin ng pag-aaral na ito na sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa mga *bansagon* sa bayan ng Pintuyan, Southern Leyte, ay maipakita ang kahulugan, kontekstong kultural, at kasaysayang nakapaloob sa bawat taguri bilang salamin ng panitikang bayan at pagkakakilanlan ng komunidad.

## 2.0 TEORETIKAL NA BALANGKAS NG PAG-AARAL

Nakaangkla ang pag-aaral na ito sa *Sociocultural Theory* ni Vygotsky (1934), na nagpapahayag na ang lipunan ay may mahalagang papel sa paghubog ng kahulugan at pagkatuto ng isang indibidwal. Ayon kay Vygotsky (1934) ang kaalaman ay hindi basta-bastang namumuo sa isipan ng tao nang mag-isa, kundi ito ay bunga ng patuloy na interaksyon sa kapwa, tulad ng mga magulang, guro, at iba pang tagapagturo. Binibigyang-diin din niya na ang kapaligiran at kulturang kinabibilangan ng isang tao ay may impluwensya sa kung paano siya nag-iisip at bumubuo ng kahulugan.

Ang pananaw na ito ay kaayon ng layunin ng kasalukuyang pag-aaral, ang pag-unawa sa kahulugan ng mga *bansagon* na nabuo mula sa araw-araw na pakikipag-ugnayan ng mga mamamayan ng Pintuyan, Southern Leyte. Ang mga *bansagon* ay sumasalamin sa mga karanasan, paniniwala, at pamumuhay ng mga Pintuyan sa kanilang lokal na konteksto.

Kaugnay nito, ayon kina Amtalao at Lartec (2015), ang lipunang ginagalawan ng tao ay malapit na kaugnay sa kaniyang mga paniniwala, tradisyon, pamumuhay, at kaugalian. Dagdag pa ni Tosam (2016), anumang kaugaliang umiiral sa isang komunidad ay dapat pahalagahan at pagyamanin. Subalit, sa patuloy na pagbabago ng mundo at pag-usbong ng teknolohiya, unti-unting nagbabago ang pagpapahalaga ng mga kabataan sa kanilang sariling mga kultura at tradisyon (Tahup, 2025).

Bilang tugon dito, pinagtibay sa Republic Act No. 10533 o ang *Enhanced Basic Education Act of 2013* ang probisyon sa Seksyon 10.2 na nagsasaad na “*the curriculum shall be contextualized and global,*” at dapat itong “*localized, indigenized, and enhanced based on their respective educational and social contexts.*” Ibig sabihin, tungkulin ng bawat guro sa ilalim ng K to 12 kurikulum

na palaganapin at pagyamanin ang lokal na kultura sa pamamagitan ng pagkontekstwalisado at paglokalisado ng mga aralin.

Bilang guro ng panitikan, kinikilala ng mananaliksik ang malaking hamon sa pagpapanatili ng interes at pagpapahalaga ng mga kabataan sa mga lokal na kaugalian ng kanilang bayan. Sa panahon ng globalisasyon at teknolohiya, mahalagang muling balikan at bigyang-halaga ang mga pamana ng mga ninuno gaya ng mga *bansagon*. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, layunin ng mananaliksik na alamin ang matatalinghagang kahulugan ng mga *bansagon* at ang kahalagahan nito sa lokal na kultura ng Pintuyan. Isa itong paraan upang mapukaw ang kamalayan ng mga kabataan at muling buhayin ang mga kaugalian na unti-unting nililimot.

Ipinaliwanag ni Lamiseria (2016) na isa sa mga layunin ng K to 12 ay ang muling paggunita at pagpapakilala ng mga kultura at kaugalian ng lugar kung saan kabilang ang mag-aaral. Binibigyang-diin niya na mahalagang ibahagi sa mga kabataan ang mga lokal na kaugalian upang higit nilang maunawaan ang kanilang pagkakakilanlan.

Sa ganitong pananaw, binigyang-halaga rin ni Aujla (2019) ang papel ng mga lokal na kaugalian, sapagkat ang bawat isa ay naglalaman ng mga aral at mensaheng makatutulong sa paghubog ng pag-uugali ng isang tao. Sa parehong pananaw, sinabi ni Pelias (2023) na ang mga pagpapahalaga at kaugalian ng isang indibidwal ay maaaring makaapekto sa kaniyang pamumuhay—positibo man o negatibo.

Sa pag-aaral sa mga kaugaliang unti-unting nawawala, mas nauunawaan ng tao ang nakaraan, na siyang nagsisilbing gabay sa pag-unawa ng kasalukuyan. Bilang pangwakas, inaasahang makabubuo ang mananaliksik ng isang *dokyu-glosaryo* ng mga *bansagon* sa bayan ng Pintuyan upang maipakilala at mapanatili ang lokal na kulturang nilinang at pinagyaman ng bawat angkan sa paglipas ng panahon.

## 3.0 METODOLOHIYA

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, partikular ang eksploratoring disenyo sa anyong deskriptibong pagsasalaysay. Layunin ng disenyong ito na masusing tuklasin at ilarawan ang mga *bansagon* sa bayan ng Pintuyan, Southern Leyte. Maingat na pinili ng mananaliksik ang mga kalahok upang matiyak ang kaugnayan ng kanilang kaalaman at karanasan sa paksa ng pananaliksik. Ang mga kalahok ay may edad 60 pataas at tigtatatlo sa bawat *bansagon*. Ang mga kalahok ay mula sa iba't ibang barangay sa bayan ng Pintuyan, Southern Leyte, Philippines. Gamit ang pakikipanayam o interbyu, tinipon ang mga kasaysayan at paliwanag sa bawat *bansagon*. Ang mga pahayag na nakalap mula sa mga panayam ang nagsilbing pangunahing datos ng pag-aaral na ito. Mula sa mga *bansagon* ay sinuri ang kanilang kahulugan at ang mga kulturang nakapaloob dito.



Bilang paghahanda sa panayam, naghanda ang mananaliksik ng gabay na katanungan at video recorder. Nang makapili na ng mga kalahok, kinuha ang kanilang bakanteng oras upang maisagawa ang interbyu. Humingi rin ang mananaliksik ng pahintulot para mai-record ang mga kasagutan at nangakong pananatilihin ang pribadong paghawak sa mga impormasyong ibinahagi. Upang mapalawak pa ang impormasyong makakalap, nagsagawa rin ang mananaliksik ng Focus Group Discussion (FGD) kung saan gumamit ng open-ended questions upang bigyang-laya ang mga kalahok na ilahad ang kanilang karanasan at pananaw.

Matapos makolekta ang mga datos, isinagawa ang tematikong pagsusuri o thematic analysis. Ang pamamaraang ito ay angkop sa pagsusuri ng datos mula sa tradisyonal na pakikipanayam at FGD (Niland et al., 2014 at Neville et al., 2015). Ginamit ng mananaliksik ang anim na hakbang sa tematikong pagsusuri mula kay Hayfield (2017) a) pagiging pamilyar sa datos, b) Paglikha ng mga koda (coding), c) pagbuo ng mga pansamantalang tema, d) Pagrebyu sa mga potensyal na tema, e) Paglalarawan at pagbibigay ng pangalan sa mga tema at f) Pagbuo ng ulat. Upang maiwasan ang pagiging bias sa interpretasyon ng datos, kumuha ang mananaliksik ng tatlong guro sa asignaturang Filipino at English bilang tagasuri (evaluators). Sinuri ng mga ebalweytor ang katumpakan at kabuluhan ng mga temang lumitaw mula sa mga bansagon. Bilang output ng pag-aaral, bumuo ang mananaliksik ng isang dolyu-glosaryo ng mga bansagon sa

Pintuyan, Southern Leyte. Nilalayan ng glosaryong ito na maging kapaki-pakinabang sa mga guro sa larangan ng panitikan at maging sa lokal na pamahalaan bilang bahagi ng pagtataguyod sa lokal na kultura at wika.

#### 4.0 PAGLALAHAD NG RESULTA NG PAG-AARAL

Sa bahaging ipinaliwanag ang resulta sa mga Bansagon ng bayan ng Pintuyan at ang kahulugan nito at mga kulturang napapaloob ng mga Bansagon nalikom.

##### *Mga Bansagon ng Bayan ng Pintuyan at ang Kahulugan*

Mula sa isinagawang pananaliksik, nakalikom ang mananaliksik ng pitumpu't dalawang (72) bansagon mula sa iba't ibang pamilya sa bayan ng Pintuyan. Makikita sa Talahanayan 1 na bawat bansagon ay binigyan ng literal na kahulugan batay sa paliwanag ng mga kalahok. Karamihan sa mga bansagon ay may tuwirang pakahulugan sa mga bagay, hayop, ekspresyon, o gawi, gaya ng bansagong *Talisay* na tumutukoy sa isang punongkahoy, *Taay* na nangangahulugang kalawang, at *Doghit* na nangangahulugang sungkit. Ang mga bansagon ay inilapat sa iba't ibang kategorya tulad ng *ugali o katangian* (halimbawa Bahaw, Botbot, Dapirap), *Pamumuhay o Hanapbuhay* (hal. Bangsi, Timbungan, Sisik), *hitsura o panlabas na anyo* (halimbawa Amerikano, Talisay, Sinaw), at *ekspresyon* (halimbawa Bilat sa Kabaw, Lansang, Baghak)

**Talahanayan 1: Mga Bansagon ng Bayan ng Pintuyan at ang Kahulugan**

	<i>Mga</i>	<i>Kahulugan</i>	<i>Katangian</i>
	<i>Bansagon</i>		
1	<i>Agub-ob</i>	Amag	Ugali
2	<i>Aliwang</i>	Insekto na kadalasang makikita sa niyog	Ugali
3	<i>Amerikano</i>	Amerikano	Hitsura
4	<i>Anay</i>	Isang inahing baboy na ilang beses ng nanganak.	Ugali
5	<i>Antud</i>	Amoy sunog	Ugali
6	<i>Baghak</i>	Uri ng isda na kilala ito sa tawag na Lapu-lapu	Ekspresyon
7	<i>Bahaw</i>	Tira/Left-over	Ugali
8	<i>Bakya</i>	Panlakad	Hitsura
9	<i>Balik-balik</i>	Paulit-ulit	Ugali
10	<i>Banaba</i>	Uri ng saging	Ugali
11	<i>Bangsi</i>	Uri ng isda	Pamumuhay
12	<i>Barko</i>	Sasakyang pandagat	Ugali
13	<i>Bilat sa kabaw</i>	Ito ay maselang bahagi ng kalabaw o ari ng babaeng kalabaw	Ekspresyon
14	<i>Botbot</i>	Sinungaling	Ugali
15	<i>Bugnaw</i>	Malamig	Ugali
16	<i>Bukag</i>	Basket na malaki na gawa ng ratan	Ugali
17	<i>Buwak</i>	Uri ng sayaw na tinatawag na flower dance	Ugali
18	<i>Dagaton</i>	Isang uri ng pusit na hindi nakakain at natutunaw kapag hinugasan sa tubig	Pamumuhay
19	<i>Dagha'g Kwarta</i>	Maraming pera	Ugali
20	<i>Daligidig</i>	Luhang dumadaloy sa pisngi	Ugali
21	<i>Dapirap</i>	Kinamkam	Ugali
22	<i>Doghit</i>	Sungkit	Hitsura



23	<i>Doong</i>	Nangangahulugang isang uri ng ibon na mahaba ang leeg	Ugali
24	<i>Dose</i>	Labindalawa	Ugali
25	<i>Ganggang</i>	Ihaw o sugba	Ugali
26	<i>Gubot</i>	Buhol-buhol	Ugali
27	<i>Habog</i>	Matayog	Hitsura
28	<i>Hangad sa Langit</i>	Tumingala sa langit	Ugali
29	<i>Hapwag</i>	Pakikipagharot sa malambing na paraan	Ugali
30	<i>Ibot</i>	Bunot	Ugali
31	<i>Kabaw</i>	Kalabaw	Ugali
32	<i>Kabilaw</i>	Isang uri ng halaman	Ugali
33	<i>Kabog</i>	Paniki	Ugali
34	<i>Kabus-ok o Lingin</i>	Isang uri ng ube	Pamumuhay
35	<i>Kamunggay</i>	Malunggay	Ugali
36	<i>Kandila</i>	Kandila	Pamumuhay
37	<i>Kitara</i>	Isang instrumentong pangmusika na gawa sa bao at nylon na ginagawang gitara ng mga magsasaka	Katangian o ugali
38	<i>Kuhit</i>	Sungkit	Hitsura
39	<i>Kulafu</i>	Uri ng alak	Ugali
40	<i>Kuwaho</i>	Maselang bahagi ng babaeng baboy	Ugali
41	<i>Lansang</i>	Pako	Ekspresyon
42	<i>Lunop</i>	Malaking baha	Pamumuhay
43	<i>Monggos</i>	Monggo	Ugali
44	<i>Pagod</i>	Sunog	Ugali
45	<i>Parol</i>	Lampara	Ugali
46	<i>Pating</i>	Shark	Ugali
47	<i>Pikit</i>	Magkadikit	Hitsura
48	<i>Pilipinas</i>	Bansa na tinitirhan ng mag Pintuyanong o sa mga Pilipino	Ekspresyon
49	<i>Plastar</i>	Maayos	Pamumuhay
50	<i>Puluho</i>	Tamad	Ugali
51	<i>Pungaw</i>	Owl	Hitsura
52	<i>Sabaw</i>	Sabaw	Ugali
53	<i>Salmon</i>	Malaking sardinas	Pamumuhay
54	<i>Samong</i>	Endangered shell	Pamumuhay
55	<i>Sinaging</i>	Uri ng pagkaing gawa sa saging na binabalot sa "lukay" (dahon ng niyog)	Ugali
56	<i>Sinaw</i>	Makinis	Hitsura
57	<i>Sisik</i>	Isa sa mga uri ng suklay na ginamit ng matatandang babae	Pamumuhay
58	<i>Sungkiob</i>	Lubak-lubak o hindi pantay	Hitsura
59	<i>Sungkod o Baston</i>	Tungkod	Ugali
60	<i>Taas</i>	Matangkad	Hitsura
61	<i>Taay</i>	Kalawang	Pamumuhay
62	<i>Tabudlo</i>	Isang uri ng meryenda na ito at tinatawag na Ginataan	Ugali
63	<i>Takjab</i>	Takpan	Ekspresyon
64	<i>Talisay</i>	Uri ng punongkahoy	Hitsura
65	<i>Tamaya</i>	Ihaw o sugba	Pamumuhay
66	<i>Timbungan o Bungot</i>	Isda na may bigote	Pamumuhay
67	<i>Tinae</i>	Isaw o bituka ng manok at baboy	Ugali



68	<i>Toha</i>	Kasintunog ng “Ohaa” – iyak ng bata	Ugali
69	<i>Toro</i>	Toro	Ugali
70	<i>Uhipan</i>	Alupihan	Ugali
71	<i>Utitod</i>	Uri ng langgam	Ugali
72	<i>Uway</i>	Ratan	Pamumuhay

Sa pagsusuri ng mga datos, natukoy na ang pinakakaraniwang batayan ng pagbansag ay ang ugali o katangian ng tao o ng ama ng pamilya. Isa sa mga halimbawa ay ang bansagong Dapirap. Ayon sa mga kalahok, ang ama ng pamilyang ito ay kilala sa pagiging matapat na manggagawa sa kabila ng kanyang masaklap na reputasyon bilang isang "dapirap" o mang-aagaw. Pinili pa rin ng pamilya ang tumanggap ng bansag na ito bilang pagkilala sa dedikasyon ng ama sa kanyang hanapbuhay.

Ganoon din sa bansagong Dose, na ibinatay sa pahayag ng isang matandang lalaki na paulit-ulit na sinasabi sa kanyang mga kaibigan na siya ay “dose pa ang edad,” sa kabila ng kanyang malinaw na katandaan. Dahil sa natatanging ekspresyong ito, sumunod ang komunidad sa pagtawag sa kanya at sa kanyang pamilya bilang “Dose.” Katulad rin ito ng bansagong Bahaw, na tumutukoy sa hilig ng ama ng pamilya sa lumang tuba (bahaw na tuba), kaya’t kalaunan ay ito na rin ang itinawag sa buong angkan. Ang bansagong Plastar naman ay batay sa pagiging organisado at maayos sa paggawa ng ama ng pamilya, kaya’t kinilala siya sa bayan bilang mahusay na manggagawa at “plastado” sa trabaho.

Habang sinuri ang mga kasaysayan sa bawat bansagon napansin na maraming bansagon ang nagsilbing salamin ng uri ng *pamumuhay* ng mga pamilya. Tulad lamang ng *Sisik* na kilala sa paggawa at pagbebenta ng suklay na “sisik”, ang Timbungan / Bungot na hango sa madalas na huli ng isdang timbungan sa pangangisda at ang Bangsi ang tawag dahil ang laging nahuhuling isda ay bangsi

Ang mga bansagong ito ay hindi lamang nagbibigay-tukoy sa angkan kundi nagsisilbing tanda ng hanapbuhay o kabuhayan ng pamilya. Napatunayan sa panayam na mas nakikilala pa ang pamilya sa kanilang bansagon kaysa apelyido. Kapag tinanong ang tagalungsod kung kilala nila ang isang pamilya, karaniwang sagot ay “*Ah, mga bansagong Sisik pala sila*”, sa halip na banggitin ang tunay na apelyido. Ipinapakita nito na ang bansagon ay isang anyo ng kolektibong identidad sa komunidad.

Natuklasan din ang mga bansagong ibinigay ng mga tao sa Pintuyan, Southern Leyte sa mga pamilya ay nakabatay rin sa *hitsura o sa panlabas na anyo*. Tulad halimbawa sa bansagong *Talisay*, ibinatay ito sa taas at matikas na tindig ng pamilya, inihalintulad sa puno ng talisay, ang bansagong Amerikano ay hango sa mapuputi at matatangos na ilong ng lahi, animo’y banyagang anyo at ang Sinaw ay mga angkan na may manipis o wala nang buhok, kadalasang kalbo ang kalalakihan

Ang mga bansagong ito ay kadalasang tinanggap nang maluwa at hindi itinuturing na pambabastos o panlalait. Ayon sa ilang kalahok, “*Kung anong makita noon sa isang tao, iyon ang*

*ginagawang bansag, katuwaan lang.*” May mga pagkakataon pa na kapag nagalit ang isang pamilya sa bansag, lalo itong lumalaganap. Sa halip na lumaban, ang naging panuntunan ay “*tanggapin mo na lang, masasanay ka rin.*”

May mga bansagon ding umusbong mula sa madalas na *ekspresyon o pananalita* ng isang miyembro ng pamilya. Tulad ng Baghak ekspresyon paboritong sambit ng ama sa bawat pag-uusap, Lansang na hinango sa ekspresyon na “lansangon ta mo!”. Ekspresyon ng ama kapag galit at ang Bilat sa Kabaw ay madalas na ekspresyon sa pagkainis o pagmumura ng isang ina mula sa Pintuyan.

Ang ganitong bansagon ay nagpapaalala sa mananaliksik ng kanyang karanasan noong estudyante, nang ang kanyang mga guro ay binansagan na “Ma’am Alright” at “Ma’am Okay,” batay sa kanilang paulit-ulit na sinasambit sa klase. Isang patunay ito na ang bansag ay bahagi ng oral na panitikan at kultura ng sambayanang Pilipino, na likas sa kabibohan, pagmamasid, at pagpapatawa.

Sa kabuuan, ang mga bansagon ng Pintuyan ay hindi lamang mga katawagan kundi makukulay na salaysay ng pamumuhay, ugali, at kasaysayan ng mga pamilya. Isa itong likas na anyo ng panitikan ng bayan may kasamang anekdota, komedya, at identidad. Ngunit sa pagdaan ng panahon, iilan na lamang ang patuloy na gumagamit at kumikilala sa kanilang bansagon. Ayon sa ilang kalahok, iniwasan na nila itong ipamana sa kanilang mga anak upang hindi ito magdulot ng kahihyan o pangungutya.

Gayunpaman, sa paningin ng mananaliksik, ang bansagon ay isang yamang kultural na dapat mapreserba, itala, at ipakilala sa mga susunod na henerasyon. Ang mga bansagon ay nagbibigay-hugis sa kasaysayan ng Pintuyan at nagsisilbing tulay sa pag-unawa sa pagkatao at ugat ng bawat angkan. Ang mga bansagong ito ay maaaring maging bahagi ng lokal na kurikulum sa panitikan, wika, at araling pangkultura upang mapanatili ang ugnayan ng mga kabataan sa kanilang pinagmulan.

Sa kabila ng maaaring negatibong konotasyon ng ilan, karamihan sa mga *bansagon* ay buong-loob na tinatanggap ng mga pamilya. Ayon sa ilang kalahok, “Kung anong makita noon sa isang tao, iyon ang ginagawang bansag katuwaan lang.” May mga pagkakataon pa nga na kapag may tumutol o nagalit sa *bansagon*, mas lalong lumalaganap ito. Dahil dito, nabuo sa komunidad ang pananaw na “tanggapin mo na lang, masasanay ka rin.”

Nagpapahiwatig lamang na ang mga *bansagon* ay isang kultural na yaman na nararapat itala, ingatan, at ipakilala sa mga susunod na henerasyon. Maari itong maging bahagi ng lokal na kurikulum sa asignaturang Panitikan, Wika, at Araling Panlipunan upang



mapanatili ang ugnayan ng mga kabataan sa kanilang pinagmulan at kultura. Sa ganitong paraan, ang *Bansagon* ay mananatiling buhay at patuloy na magsasalaysay ng kasaysayan ng Pintuyan sa darating pang mga panahon.

### **Mga Kulturang Napapaloob ng mga Bansagon sa Bayan ng Pintuyan**

Mula sa mga nalikom na *Bansagon* ng iba't ibang pamilya sa bayan ng Pintuyan, Southern Leyte, natuklasan ng mananaliksik na ang bawat bansagon ay hindi basta-basta lamang palayaw o katawagan. Sa halip, ito ay binigyang kahulugan batay sa paliwanag, alaala, at kolektibong interpretasyon ng mga kalahok, karamihan sa kanila ay matatandang miyembro ng komunidad (edad 60 pataas) na may malalim na pag-unawa at ugnayan sa kasaysayan ng kanilang angkan.

Lumabas sa pagsusuri ng datos na ang pinagmumulan ng *Bansagon* ay kalimitang may direktang kaugnayan sa pisikal na katangian, ugali, o natatanging karanasan ng isang ninuno o mahalagang kasapi ng pamilya. Halimbawa, ang bansag na "Pungkol" ay tumutukoy sa isang ninunong nawalan ng bahagi ng daliri, samantalang ang "Kulit" ay nagpapahiwatig ng isang kasapi ng pamilyang kilala sa pagiging makulit, masayahin, at palabiro. Ang mga ganitong bansagon ay nagsisilbing oral na marka ng kasaysayan na naipapasa sa bawat henerasyon, at nagiging mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng pamilya.

Dagdag pa rito, may mga bansagon din na kumakatawan sa mga hayop, halaman, at bagay sa kapaligiran, gaya ng "*Kabaw*" at "*Bayabas*", na hindi lamang nagpapakita ng pisikal na ugnayan kundi pati na rin ng kabuhayan, pamumuhay, at relasyon ng tao sa kalikasan. Ang mga ganitong bansagon ay nagpapahiwatig ng ugnayang etnolinggwistiko sa pagitan ng tao at ng kanyang kapaligiran isang patunay na ang bansagon ay may ekolohikal at sosyo-kultural na dimensyon.

Higit pa sa literal na kahulugan, ang bansagon ay nagsisilbing simbolikong identidad isang "tatak" na kinikilala hindi lamang sa loob ng pamilya kundi sa buong komunidad ng Pintuyan. Ang bansagon ay may tungkuling panlipunan ito ay *pang-alaala*, *mapagpatawa*, at *minsang ay mapang-uyam* ngunit sa kabila ng mga ito, ay may kakayahang bumuo at magpatibay ng kolektibong alaala ng komunidad.

Makikita rin sa resulta ng pag-aaral na ang paggamit ng mga bansagon ay may malalim na koneksyon sa kasaysayan, paniniwala, at wika ng mga Pintuyan. Sa ganitong konteksto, nahahayag ang mga sumusunod na elementong kultural: a) **Pagpapahalaga sa kasaysayan ng pamilya.** Ang bawat bansagon ay tila talaan ng pinag-ugat ng kasaysayan ng isang angkan. Nagsisilbi itong buhay na alaala ng mga kasaysayan ng ninuno, kanilang mga karanasan, kabiguan, tagumpay, o kahinaan. b) **Pagkilala sa kolektibong alaala ng komunidad,** sa elementong ito ang mga bansagon ay nagsisilbing anecdotal na alamat ng komunidad. Sa pamamagitan ng mga ito, naipapasa ang katuwaan, kabalintunaan, o kabalintunaan ng nakaraan na siyang

nagpapalalim sa damdamin ng pagiging bahagi ng isang bayan. At c) **Pagpapatibay sa lokal na wika at dayalekto.** Karamihan sa mga bansagon ay nasa Binisaya o lokal na anyo ng wika, kaya't mahalaga ang papel ng bansagon sa pagpapatibay at pagpatuloy ng katutubong dayalekto. Sa tuwing binibigkas o ginagamit ang bansagon, ito ay isang akto ng pagpapanatili ng lingguwistikong pamana ng komunidad.

Ayon sa mga kalahok, ang bansagon ay hindi *lihim* sa literal na kahulugan, kundi isang "ini" ay nangangahulugan isang lihim na bukas sa kaalaman ng buong komunidad. Bagama't may personal na ugnayan sa pamilya, ito rin ay bahagi ng pampublikong diskurso at bahagi ng sosyal na pagkilala sa isa't isa. Sa ganitong paraan, ang bansagon ay nagiging bahagi ng panlipunang ugnayan at diskurso sa identidad ng mga mamamayan ng Pintuyan. Isa rin sa mahalagang natuklasan ng pag-aaral ay ang lingguwistikong dinamismo ng bansagon. Napansin na ang anyo, kahulugan, at epekto ng bansagon ay maaaring magbagong batay sa tono ng pagbigkas, diin ng salita, at konteksto ng paggamit. Sa ganitong pananaw, ang bansagon ay hindi lamang kultural kundi lingguwistikong yaman na dapat pag-aralan at itala para sa susunod na henerasyon.

Ang kabuuang resulta ng pag-aaral ay nagpapahiwatig na ang kultural na yaman at identidad. Ipinakikita ng resulta na ang *Bansagon* ay higit pa sa palayaw, ito ay nagsisilbing kolektibong simbolo ng identidad at oral na kasaysayan ng bawat pamilya. Ang pagkakakilanlan ng isang angkan ay hindi batay lamang sa apelyido, kundi sa bansag na ibinibigay ng komunidad, na nagpapahiwatig ng kasaysayan, ugali, hanapbuhay, o pisikal na katangian ng kanilang ninuno. Ipinapahiwatig nito na ang mga bansagon ay mahalagang sangkap sa pag-unawa ng panlipunan at kultural na ugnayan sa loob ng komunidad. Napagtanto na ang mga lokal na salita at ekspresyon sa pagbansag, napapatibay ng mga bansagon ang lingguwistikong yaman ng Binisaya o lokal na dayalekto. Ang bawat pagbanggit ng bansagon ay isang hakbang patungo sa pagpapanatili ng lokal na wika sa gitna ng modernisasyon at globalisasyon.

### **5.0 KONKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Ang *Bansagon* sa Pintuyan ay salamin ng buhay, kasaysayan, wika, at kolektibong alaala ng mga pamilya sa komunidad. Ito ay bahagi ng oral na panitikan at sosyo-kultural na diskurso na patuloy na nabubuhay sa pamamagitan ng wika, biro, at kwento. Sa kabila ng modernong panahon, ang bansagon ay nananatiling makabuluhang tagapagdala ng kultura at pagkakakilanlan, subalit nanganganib na malimutan kung hindi mabibigyang pansin sa pormal na edukasyon o dokumentasyon. Ang bansagon ay isang anyo ng lingguwistikong at kultural na pamana na dapat pangalagaan upang mapanatili ang ugnayan ng kasalukuyang henerasyon sa kanilang pinagmulan. Iminungkahi ng na isama ang bansagon bilang bahagi ng lokal na aralin sa asignaturang Filipino, Araling Panlipunan, o Panitikan upang maipakilala ito sa kabataan bilang bahagi ng kanilang kultural na pamana.



## 6.0 MGA SANGGUNIAN

1. Amtalao, M. at Lartec, J. (2015). *Understanding the cultural heritage of communities: A foundation for preserving traditions*. *Journal of Education and Culture*, 12(2), 45-56.
2. Borong, N. (2021). *Southern Leyteño's folklore narratives on lifestyle and leisure*. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(11), pp. 41-48.  
<https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.a022>
3. Dayuha, A. (2023). *Theme and contents of the hymn of Southern Leyte, Philippines*. *European Journal of Social Sciences Studie*, 8(5). <https://doi.org/10.46827/ejsss.v8i5.145>
4. Department of Education (DepEd). (2016). *K to 12 Curriculum Guide: Filipino (Grades 1-10)*. DepEd Philippines.
5. Jocson, L. (2015). *Ang Kahalagahan ng kontekstuwalisadong pagtuturo sa panitikang Filipino*. *Journal of Local Studies*, 12(3), 45-58.
6. Tahup, J. (2025). *Tinig at halaga: Pagdalumat sa spoken-word poetry ng mga kabataang senior high school*. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, 11 (6). DOI: 10.36713/epra2013
7. Vygotsky, L. S. (1934). *Thought and language*. (A. Kozulin, Trans.). MIT Press.